# KALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

ISPESYAL NA ISYU | BASAHIN AT TALAKAYIN | 26 DISYEMBRE 2019


## Biguin ang *whole of nation* approach ng E.O. 70 at JCP Kapanatagan! Ibagsak ang pasistang rehimeng US-Duterte! Dalhin ang demokratikong rebolusyon ng bayan sa panibagong antas ng pagsulong!

Pahayag ng Komiteng Rehiyon ng Partido sa Timog Katagalugan
sa Ika-51 Anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM)
Disyembre 26, 2019

Ipagdiwang natin ang Ika-51 Anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas nang may pinag-ibayong rebolusyonaryong optimismong dalhin ang demokratikong rebolusyon ng bayan sa bago at mas mataas na antas ng pagsulong. Gunitain at magbigay pugay tayo sa lahat ng martir ng rebolusyon, sa kolektibong lakas at kapasyahan ng mga kadre at kasapi ng Partido na ipagtagumpay ang kasalukuyang pambansa at demokratikong rebolusyon sa Pilipinas at ang susunod na yugto ng sosyalistang rebolusyon.

Sa partikular, ibinibigay ng Komiteng Rehiyon ng Partido sa Timog Katagalugan (KRTK) ang pinakamataas na parangal at pagsaludo kay Kasamang Ermin ‘Ka Romano’ Bellen, martir at bayani ng rebolusyon, sa kanyang di matatawarang ambag sa rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon. Walang pag-iimbot na ginugol nya ang kanyang dakilang buhay sa paglilingkod sa interes ng masang api’t pinagsasamantalahan hanggang sa kanyang huling hininga.

Ibinibigay din ng KRTK ang pagkilala at Pulang pagpupugay kay Kasamang Jaime ‘Ka Diego’ Padilla, tagapagsalita ng Melito Glor Command at detinidong pulitikal, sa kanyang nagpapatuloy na pakikibaka at pambihirang dedikasyon sa simulain ng rebolusyon na di masusupil ng karsel ng mga pasista.

Patuloy silang magiging inspirasyon ng lahat at ang diwang Komunista na sinasagisag nila.

Makabuluhan ang nakamit ng Partido at rebolusyon sa TK sa nagdaang mga taon. Sa kabila ng mga pansamantalang kabiguan at pinsala, nakapananaig ang agos ng natipong mga tagumpay sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Ang mga ito ang puhunan natin para sa panibagong pagsulong at paglakas sa susunod na mga taon.



## Paborableng Obhetibong Kalagayan sa Rebolusyon

Ang nagkakahugis na lantarang paghaharing militar at pasista ng rehimeng US-Duterte sa bansa ay gasolinang nagpapalagablab sa apoy ng paglaban at paghihimagsik ng mamamayan para wakasan ang kasalukuyang korap, taksil, kriminal, mamamatay-tao't pasistang rehimeng ito. Sa tusong pamamaraan, inilalatag ni Duterte at ng mga kasapakat na pasista't militaristang tambalang Lorenzana, Esperon at Año, ang mga sangkap para sa lantad na paghaharing pasista't militar sa bansa.

Una, ipinataw at patuloy na pinalawig ang Martial Law sa Mindanao sapul noong Mayo, 2017 sa tabing ng gerang kontra-terorismo at pagsupil sa rebelyon ng Maute sa Marawi City. Kalaunan, ginamit ang Martial Law para palawakin ito hindi na lamang sa pagsugpo sa iba pang ekstremistang grupong Muslim sa Mindanao, kundi pangunahing tinarget ang rebolusyonaryong kilusang pinamumunuan ng CPP-NPA-NDFP. Walang kaparis ang brutalidad ng AFP sa ginawang pagsalakay at pagwasak sa mga komunidad ng mga Moro, Lumad at magsasaka sa Mindanao, pagpatay at pagdukot sa mga lider at kasapi ng mga ligal na progresibong organisasyon, at marami pang karumal-dumal na krimen at mga paglabag sa karapatang-tao ng mga mamamayan.

Pangalawa, magkasunod na pinirmahan ni Duterte ang Memorandum Order 32 (MO 32) noong Nobyembre 22, 2018 na ipinaiilalim ang buong Kabikulan at mga isla ng Negros at Samar sa "*state of lawlessness*" at ang Proclamation 360 noong Nobyembre 23, 2017 at Proclamation 374 noong Disyembre 5, 2017 upang ganap nang tapusin ang usapang pangkapayapaan sa NDFP at ilunsad ang isang todong gerang kontra-rebolusyonaryo laban sa rebolusyonaryong kilusan at mamamayan sa ngalan ng "terorismo" sa pamamagitan ng pagdedeklarang "terorista" ang mga rebolusyonaryong organisasyon ng CPP-NPA at NDFP. Sa pamamagitan ng MO 32, pinasaklaw ng rehimeng Duterte ang Martial Law sa Mindanao hanggang Visayas at Luzon.

Pinakahuli, sinundan ito ng paglalabas ng kautusan ni Duterte noong Disyembre 4, 2018 na naglalatag ng higit na malawakang panunupil sa ilalim ng Executive Order 70 (EO 70) hindi lamang sa armadong kilusang rebolusyonaryo kundi maging sa ligal na demokratikong kilusan sa balangkas ng *whole-of-nation approach* (WNA) at pagbubuo ng mga Task Force to End Local Communist Armed Conflict (TF-ELCAC) mula pambansa hanggang baranggay. Iniutos ng EO 70 ang pagtitibay ng diumano'y National Peace Framework para ilatag ang mga lokalisadong usapang pangkapayapaan.

**KALATAS**

*Ispesyal na Isyu*
*26 Disyembre 2019*

*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan.*

*Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*
*st.kalatas@gmail.com*
*balikwastk.wordpress.com*

Sa ilalim at bisa ng EO 70, kinubabawan ng kapangyarihang militar sa pamamagitan ng mga binuong TF-ELCAC ang sibilyang otoridad at ng mga halal na upisyal ng burukrasya-sibil. Pinairal ni Duterte ang hindi deklaradong batas militar sa Kabisayaan at Luzon, mistulang isang militar at sibilyang *junta* ang NTF-ELCAC at mga katugon nitong TF-ELCAC sa mga probinsya, bayan hanggang mga baranggay na nagdidikta at umaangkin sa sibilyang otoridad ng mga halal na upisyal ng reaksyunaryong gubyerno alinsunod sa diumanong *whole-of-nation approach.*

Bago pa man, tiniyak muna ni Duterte na makontrol ang sangay ng lehislatura at hudisyal. Nakontrol ng mga kampon at kaalyado ni Duterte ang Senado at Mababang Kapulungan ng Kongreso sa pamamagitan ng malawakang dayaan at manipulasyon ng resulta sa nakaraang eleksyon. Malakas ang impluwensya ni Duterte sa reaksyunaryong Korte Suprema. Labing-isa sa labing-apat na mahistrado ng Korte Suprema ay mga hinirang ni Duterte at ng masugid na kaalyadong si Gloria Arroyo. Ang mga reaksyunaryong institusyong ito ay mga panatikong sunod-sunuran sa pasistang paghahari ni Duterte at hindi aasahang magtatanggol sa interes ng mga mamamayan. Dahil dito, isang manipis na demokratikong palamuti na lamang ang natitira sa diumanong pag-iral ng prinsipyo ng *separation of powers* at *check and balance* sa tatlong sangay ng reaksyunaryong estado. Ang mga ito ay aksesorya na lamang ng umiiral na militar-sibilyan na *junta* sa Pilipinas na nasa ilalim ng kapangyarihan ni Duterte.

May paralelismo si Duterte at Hitler. Ang pag-akyat at pagkonsolida ni Duterte sa kapangyarihan ay maihahalintulad kay Hitler. Tulad ni Hitler, pinaypayan ng mga propagandista ng rehimen ang paglikha

ng kulto ni Duterte. Ginamit ni Duterte ang anti-oligarkong retorika, isyu ng paglaban sa iligal na droga at mga populistang kahilingan ng mamamayan upang likhain ang kultong ito—katulad din ng ginawa ni Hitler na pang-uupat upang paypayan ang anti-Hudyong sentimyento sa Germany at itaguyod ang rasistang ideolohiya ng superyuridad ng lahing Aryan para isulong ang hegemonikong ambisyon sa daigdig sa pamamagitan ng isang mapanakop na gerang agresyon. Sina Salvador Panelo, Martin Andanar at Gen. Antonio Parlade, Jr. ang mga makabagong Joseph Goebbels na nagsisilbing mga propagandista ni Duterte sa pagpapalaganap ng mga anti-demokratiko't anti-mamamayang kasinungalingan. Sina Lorenzana, Esperon, Año at mga militarista't pasista sa AFP at PNP ay ang makabagong Göring at Gestapo ni Hitler na marahas na sumusupil at naglulunsad ng gera laban sa mamamayang Pilipino. Pinakawalan nila ang brutal na mga kampanyang militar sa balangkas ng JCP Kapanatagan laban sa sambayanang Pilipino.

Huwad ang anti-oligarkong retorika ni Duterte. Binibira nya ang mabibigat at di makatarungang kundisyong ipinapataw ng Maynilad at Manila Water sa ilalim ng pinagtibay na kasunduan sa reaksyunaryong gubyerno na aniya "mabigat na pasanin ng mamamayan" at "dehado ang gubyerno" para kumuha ng puntos sa upinyong publiko at mamamayan. Sumasakay si Duterte sa malakas na disgusto ng mamamayan sa palpak na serbisyo ng Maynilad at Manila Waters at labis na ikinagagalit nila ang mataas na singil sa tubig.

Binantaan nya ang dalawang konsesyonaryo sa tubig na hindi na palalawigin ang kanilang *concession agreement* nang lampas sa 2022 at pwersahang kukunin ng gubyerno ang operasyon ng nasabing mga kumpanya at kakasuhan ng *economic sabotage.*

Sa kabilang banda, pinagnanasaan ng pamilyang Villar, isang malapit na kaalyado, masugid na tagasuporta at kroni ni Duterte, na makuha ang *concession agreement* sa reaksyonaryong gubyerno. Ang mga Villar na nagmamay-ari sa Prime Water Infrastructure and Development Corporation ang pinapaboran ni Duterte na pumalit na konsesyonaryo sa Maynilad at Manila Waters.

Sinusundan ni Duterte ang kroniyismo ng diktador na si Ferdinand Marcos. Tulad ng ginawang pagsikwester ni Marcos sa Meralco at ABS-CBN ng mga Lopez at sa PLDT ng mga Cojuangco, ang nasa likod ng mga pagbira ni Duterte sa mga Ayala, Lopez at kay Manuel V. Pangilinan ay para makopo at mamonopolisa ng mga kroni ni Duterte ang malalaking kontrata at linya ng negosyo sa ilalim ng Build Build Build. Hawak ni Ramon Ang/San Miguel Corp ang proyektong Aeronopolis sa Bulacan at ang proyektong SLEX Extension at 600-MegaWatt Coal-Thermal Plant sa probinsya ng Quezon. Ang kroning si Dennis Uy naman ang komokopo sa mga kontrata at proyekto sa reklamasyon ng Manila Bay.

Kaalinsabay, pinahihigpit ni Duterte ang pampulitikang alyansa at koneksyon sa mga Marcos at Arroyo upang makuha ang suporta ng mga paksyong ito kabilang ang mga masugid na tagasunod nila para suhayan ang tiranikong paghahari ng rehimen.

Sa kabilang banda, nabubuhayan ng loob ang pampulitikang oposisyon na pinangungunahan ng paksyong Aquino-Robredo ng Liberal Party dahil sa ipinapakitang matapang at pursigidong paglaban sa rehimen ng ligal at progresibong kilusan ng mamamayan. Nagsimulang mag-ingay ang mga karibal ni Duterte na nasa oposisyon para hamunin ang tiwaling pamamalakad ng rehimen. Masugid silang kritiko sa tiwali at pasistang paghahari ni Duterte.

Sa gitna ng pasismo ni Duterte, inspirasyon sa nakikibakang mamamayan ang nagpapatuloy na armadong pakikibaka ng rebolusyonaryong kilusan sa ilalim ng CPP-NPA-NDFP at ng mamamayang Moro na pinangungunahan ng BIFF at iba pang armadong pwersang Moro.

Ang pagkapit ni Duterte sa kamay-na-bakal na paghahari ay palatandaan ng ibayong pagsahol ng krisis ng naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal sa Pilipinas. Hindi na makapaghari sa dating paraan ng mga burges-demokratikong palamuti, ang paksyon ng naghaharing-uring ito ay bumaling sa lantad na mga pamamaraang pasista at tiranya upang pigilan ang paglakas ng mga demokratikong pwersa ng



mamamayan na humihiling ng makabuluhang pagbabago sa lipunan.

Subalit tulad ni Marcos, nagkakamali si Duterte at mga militarista't pasista sa AFP-PNP at nasa kanyang rehimen na mawawasak ang armadong paglaban ng mamamayan na pinamumunuan ng CPP-NPA-NDFP. Ang pasismo ni Duterte ang pinakaepektibong rekruter ng mga boluntaryo na handang sumapi sa NPA at isulong ang armadong pakikibaka bilang tanging solusyon sa ugat ng kahirapan at pagkaatrasado ng bansa—at bilang tanging landas upang tapusin ang paghahari ng imperyalismong US, pyudalismo at burukratang kapitalismo sa Pilipinas.

Hangga't hindi nalulutas ang ugat ng kawalan ng lupa ng masang magsasaka't pagkaatrasado ng ekonomiya ng bansa dahil sa kawalan ng sariling programa para sa pambansang industriyalisasyon, ang talamak na korapsyon sa lipunan, at ang dominasyon ng imperyalismong US sa buhay panlipunan ng bansa—sa ekonomiya, pulitika at kultura—mananatiling magniningas ang apoy ng paglaban ng sambayanang Pilipino laban sa tatlong salot ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata-kapitalismo sa lipunang Pilipino.

> ***"Ang kabangkarotehan ng rehimeng Duterte at ng malapyudal at malakolonyal na sistema sa Pilipinas ay humantong na sa di matitiis at masisikmurang antas."***

Ang kabangkarotehan ng rehimeng Duterte at ng malapyudal at malakolonyal na sistema sa Pilipinas ay humantong na sa di matitiis at masisikmurang antas.

Malaganap ang kawalan ng hanapbuhay sa bansa. Masahol ang kabuuang kundisyon sa paggawa. Sahod-alipin ang mga manggagawa sa industriya at agrikultura at wala silang tinatamasang kaseguruhan sa trabaho at proteksyon sa pook-trabaho. Marahas na sinusupil ang kanilang karapatang magsama-sama, magbuo ng unyon at makipagtawaran sa kapitalista para sa umento sa sahod, benipisyo at proteksyon.

Malaganap ang kontraktwalisasyon resulta ng neoliberalistang atake sa kilusang paggawa. Sa datos ng reaksyunaryong gubyerno, 90% ng lakas-paggawa sa TK ay mga kontraktwal na manggagawa. Umabot na sa tinatayang 10 milyong Pilipino ang walang trabaho batay sa SWS *survey* nitong ikatlong kwarto ng 2019 o katumbas ng 21. 5%, mas mataas sa 20. 7% o 9. 8M noong Hunyo at 19. 7% o 9. 4M noong Marso.

Nanatiling busabos ang kalagayan ng mga magsasaka. Malalim ang suliranin ng kawalang lupa, pagsasamantalang pyudal at malapyudal ng mga panginoong maylupa't mga komersyante-usurero. Patuloy na bumabagsak ang produksyong agrikultural dahil sa atrasadong kalagayan ng produksyon, kapabayaan at kawalan ng suporta ng reaksyunaryong gubyerno at pananalasa ng neoliberalismo sa agrikultura. Malawakan ang pagpapalayas sa mga magsasaka't pambansang minorya para bigyan ng daan ang kumbersyon ng mga produktibong lupain para sa layunin at gamit residensyal, komersyal, industriyal, eko-turismo at produksyon ng mataas-na-halagang *export crops* sa mga plantasyon.

Pinapatay ng rehimeng Duterte ang lokal na industriya ng palay at bigas dahil sa Rice Tariffication Law na nag-alis ng mga restriksyon at regulasyon sa importasyon ng bigas. Binabarat ng mga kartel sa industriya ang presyo ng palay at sinasamantala ang pagtama ng mga kalamidad upang higit pang baratin ang presyo ng palay sa *farmgate*. Lubog hanggang leeg ang masang magsasaka tuwing matapos ang anihan dahil sa nagpatong-patong na pagkakautang at pinaiiral na usurang interes ng mga komersyante-usurero.

Sa isang dulo, sinasapo ng mga magniniyog ang matinding epekto sa kanilang kabuhayan dahil sa bagsak na presyo ng kopra sa pandaigdigang pamilihan. Ibayo pa silang pinahihirapan ng monopolistang manipulasyon sa pagpipresyo at madayang operasyon ng mga kopra *trader* at *dealer* gayundin ng mapagsamantalang partehan na pinaiiral ng mga panginoong maylupa sa mga tenante at sub-tenante. Ganito rin ang nararanasan ng mga magsasaka sa mga gulayan, prutasan, kapehan at iba pang mayor na pananim.

Lugmok at naghihingalo ang industriya ng asukal sa bansa dulot ng neoliberal na patakaran na ipinatutupad ng mga nagpalit-palitang papet na rehimen. Apektado't pinahihirapan nito ang kabuhayan ng mga magsasaka at manggagawang-bukid sa industriya. Simula nang ipinatupad ang Zero Tariff sa industriya ng asukal noong 2015, bumagsak sa 5% mula 38% ang ipinapataw na taripa sa importasyon ng asukal. Nagdulot ito ng pagdagsa sa bansa ng malaking bolyum ng *imported*

na asukal na sumira sa lokal na produksyon ng asukal.

Itinulak nito ang pagpaling ng malalaking plantador at malaking burgesya-kumprador sa industriya tungo sa pagtatanim ng tubó para sa produksyon ng *bioethanol*. Halimbawa nito, ang MBK na si Roxas na nag-aari sa Central Azucarera de Don Pedro (CADP) sa Batangas ay ibinenta na ang 70% ng kanyang sapi kay Lucio Tan ng Tanduay, bilang subsidyaryo ng kanyang produktong alak. Inilipat na rin sa ibang gamit ang malaking parte ng kanyang asyenda mula plantasyon ng tubó tungong *real estate.*

Samantala, marahas na pinalalayas, ginigiba ang mga bahay at pinagkakaitan ng kabuhayan ang masang mangingisda bunga ng mga proyekto sa eko-turismo at espekulasyon sa lupa. Halimbawa nito ang ginawang marahas na demolisyon sa mga bahay ng mga mangingisda sa Bo. Patungan, Maragondon, Cavite upang bigyan daan ang proyekto sa eko-turismo ng mga Virata. Pinalalayas din at pinagbabawalan ng mga armadong *goons* ni Ramon Ang at ng mga bayarang Philippine Air Force-CAFGU ang mga magsasaka't mangingisda sa 2,336 na ektaryang lupain na tumatagos sa mga bayan ng Calatagan at Balayan sa probinsya ng Batangas para bigyan daan ang operasyon ng Asturias Chemical Industries, Inc. na gigiba sa kabundukan at sisira sa kabuhayan ng mga magsasaka at mangingisda na maaapektuhan ng pagtatapon ng lasong kemikal mula sa operasyon ng mina ng semento. Kahalintulad din nito ang ginagawang pagbabakod ng mga may-ari ng *resort* sa baybayin ng Matabungkay at pagbabawal sa mga mangingisda na dumaong at gamitin ang mga baybaying ito para makapangisda.

Dagdag pa, patuloy na lumiliit ang bolyum ng nahuhuling isda ng maliliit na pamalakaya sa saklaw ng pangisdaang munisipal dahil sa intrusyon ng malalaking opereytor ng *trawl* at galadgad na may higit na makabago at abanteng paraan ng paghuli ng isda subalit mapanira sa mga bahura na pangitlogan ng sari-saring uri ng isda at tahanan ng iba't ibang yamang-dagat.

Sa kabilang banda, patuloy na bumabagsak ang antas ng pamumuhay ng mga mamamayan sa kalunsuran. Laganap at masidhi ang kahirapan at kagutuman sa mga maralitang komunidad. Ang mga maralita sa kalunsuran ang pamalagiang target ng mga anti-drogang operasyon at pagsosona. Biktima na nga sila ng kapabayaan ng reaksyunaryong gubyerno'y sila pa ang nagiging target ng terorismo ng estado sa mga kampanya laban sa kriminalidad at iligal na droga.

Dumadausdos din ang antas ng pamumuhay ng petiburgesya sa kalunsuran at seksyon ng panggitnang pwersa, na tulad ng mga manggagawa at malaproletaryado, ay pinahihirapan ng pagtaas ng buwis, pamasahe, singil sa kuryente at tubig, sumisirit na presyo ng mga bilihin at iba pang serbisyo dahil sa paulit-ulit na pagtaas ng presyo ng langis at mga pahirap na batas tulad ng TRAIN 1 at 2. Nagreresulta ito ng pagbaba ng kakayahang bumili ng kanilang sweldo.

Nagpapatuloy ang mababang katayuan ng kababaihan sa lipunan. Biktima sila ng diskriminasyon at abusong sekswal sa pook-trabaho. Dumaranas rin sila ng labis na kapabayaan ng reaksyunaryong gubyerno at di nagtatamasa ng sapat na proteksyon at pangangalaga sa *reproductive health.*

Banta ang rehimeng Duterte sa malayang pamamahayag at pag-ehersisyo ng mga karapatang sibil at pampulitika ng mamamayan. Sinusupil at binabantaan ang mga kritiko sa masmidya, simbahan, progresibong oposisyon at mga karibal sa pulitika. Ipinaiilalim ang mga kritiko at oposisyon sa paniniktik at panggigipit ng militar at pulis.

Binabantaan nito ang pamilyang Lopez na tatapusin na ang prangkisa ng ABS-CBN sa 2020 dahil sa pagiging kritikal sa-administrasyon niya ng nasabing *TV network*.

Ang pinag-ibayong paniniktik sa mamamayan ay inilatag na ng mga mapanupil na batas na ipinasá ng reaksyunaryong Kongreso. Isinabatas nito ang National ID System na nakatakdang ipatupad sa susunod na taon. Itinutulak naman ng mga anti-Komunista sa Senado na sina Lacson at Bato dela Rosa na amyendahan ang mas masahol na bersyon ng Human Security Act o Anti-Terror Law.

Higit pa, sa ilalim ng proyektong Safe Philippines ng DILG, ipinaiilalim ni Duterte ang sariling mamamayan sa *mass surveillance* gamit ang sentralisadong sistema ng *CCTV monitoring* ng tinatawag na Intelligent Command, Control and Communication Center (IC4). Layon nitong maglagay ng 12,000 *camera* sa Metro Manila at Davao



City sa Phase I ng proyekto. Nakatarget ang teknolohiya ng Safe Philippines sa pagtugis at paniniktik sa mga progresibo at mga aktibista ng ligal na demokratikong kilusan para gawing target ng Duterte Death Squad.

Walang hangganan ang kalupitan sa mamamayan ng kriminal na rehimeng ito. Sinisikil ang aktibismo't kalayaang akademiko ng mga kabataang-estudyante at minimilitarisa ang mga kampus at mga institusyong pang-akademiko. Pinakikilos ni Duterte ang AFP at PNP upang paigtingin ang paniniktik sa mga lehitimo at ligal na aktibidad ng mga estudyante at iba pang progresibong grupo. Walang pakundangan ang mga isinasagawa nitong sunud-sunod na reyd sa mga opisina ng mga ligal na progresibong organisasyon sa Negros at Kamaynilaan, maramihang pag-aresto sa mga kasapi ng nasabing mga organisasyon, pagkakaso at pagkukulong batay sa mga itinanim na ebidensya at pagpatay sa mga lider nila.

Peke ang ipinangangalandakan ni Duterte na nagsasariling patakarang panlabas. Tusong nilalaro ni Duterte ang ugnayan sa China at US upang makapiga ng papalaking konsesyon sa dalawang magkaribal na imperyalistang kapangyarihan. Ginagamit ni Duterte ang anti-US na retorika upang makaamot ng tulong at pamumuhunan mula sa China. Sa kabilang banda, ginagamit naman ni Duterte ang nabuksang mapagkaibigang relasyon sa China upang makapiga ng dagdag na ayudang militar mula sa US.

Kapalit ng katusuhang ito ay ang pagsuko sa soberanya at karapatan sa pamanang yaman na nasa teritoryo ng Pilipinas sa West Philippine Sea. Lampa at walang nagawa ang rehimen para ipagtanggol ang mga mangingisda at tripulante ng FB Gem-Ver na sinadyang sagasaan ng barkong pangisda ng China at pagkatapos iniwanang palutang-lutang sa karagatang sakop ng West Philippine Sea. Pampalubag-loob na tulong lamang ang kanilang tinanggap sa gubyernong Duterte.

Anti-mamamayan at anti-mangingisdang Pilipino ang patakaran ng rehimen na magkasamang pakinabangan ng Pilipinas at China ang rekurso at yamang-dagat sa *exclusive economic zone* ng Pilipinas sa Recto Bank. Hindi lamang ito labag sa reaksyunaryong Konstitusyon kundi kataksilan sa sambayanang Pilipino. Tinatayang sa loob ng 10 taon ay masasaid ang yamang-dagat sa Recto Bank ng agresibong operasyon ng malalaking barkong pangisda ng China na dapat matagalang pakinabangan ng masang Pilipino.

Kapalit ng pautang at ayudang ekonomiko, taksil na pinahintulutan ni Duterte ang maanomalyang kontrata sa China kung saan dehado't nagpapataw ng mabibigat na kundisyon sa Pilipinas tulad ng sa New Centennial Water Source-Kaliwa Dam Project at Chico River Pump Irrigation Project. Sa kontrata ng nasabing mga proyekto, may karapatan ang China na kunin bilang kabayaran ang p*atrimonial asset* ng Pilipinas sa Recto Bank kapag hindi nakabayad ang gubyerno.

Mabilis nang nagigising ang mamamayan sa mga hungkag na pangako at retorika ni Duterte para baguhin ang kanilang pamumuhay. Mga panandaliang solusyon at pampalubag-loob lamang ang naiaalok nya tulad ng inutil na programang 4P's, E-CLIP at limitadong subsidyo upang mabili ng NFA ang aning palay ng magsasaka sa mas mataas na presyo.

Ang rehimeng Duterte ang salot at pinakamalaking sakuna na nangyari sa sambayanang Pilipino. Inutil at walang silbi ito na lutasin ang saligang problema ng kahirapan sa bansa at pagsagip sa mga biktima ng natural na kalamidad. Sa harap ng paglaganap ng epidemya ng African Swine Flu (ASF) na sumalasa sa lokal na industriya ng baboy sa bansa, inutil ang rehimen na maglaan ng suportang subsidyo sa mga mag-aalaga ng baboy para makabangon mula sa pinsala at pagkalugi. Ni walang makabuluhang ginawa ang rehimeng ito para ibsan ang paghihirap ng mga sinalanta ng bagyong Tisoy—walang inilaan na sapat na tulong at subsidyo ang gubyerno para tulungang maibangon ang kabuhayan ng mga biktima ng kalamidad liban sa ga-mumong pautang na P15,000 na may mababang interes. Mga artipisyal na solusyon ito na hindi nagbabago sa pusisyon sa lipunan ng masa na busabos at pinagsasamantalahan.

Maging ang kampanya ng pamimilit sa mga LGU na ideklarang *persona non grata* ang CPP-NPA-NDFP at mga ligal na demokratikong organisasyon ay mabibigo't babalandra sa rehimen. Wala ring patutunguhan ang kontra-rebolusyonaryong Retooled Community Support Program (RCSP) na diumano'y maghahatid ng serbisyo at mga programa sa kaunlaran sa mamamayan ng kanayunan.

Sa malao't madali, ganap na kukupas ang kinang ng kultong Duterte. Masasagad ang pagtitiis ng bayan sa kultura ng karahasan at patayan na pinakakawalan ng mga pasista at militarista sa AFP at PNP laban sa mamamayan. Sa natitirang mga taon ng panunungkulan ni Duterte, lulunurin ang kanyang rehimen ng mas malalakas at masigabong mga protesta at yayanigin ang buong naghaharing sistema ng nagpapanibagong lakas na armadong pakikibaka at rebolusyonaryong kilusang masa sa buong kapuluan.

## Mga Pagsulong at Tagumpay sa Gitna ng Marahas na Pasistang Pananalakay

Nananatiling buo, matatag at lumalakas ang Partido at rebolusyonaryong kilusan sa TK. Sa loob ng mahigit limang dekada, naitatag ng Partido ang Pulang kapangyarihang pampulitika sa maraming bahagi ng kanayunan sa rehiyon at ang malawak na *network* ng kilusang lihim sa kalunsuran. Matagumpay na naipundar ito ng Partido dahil mahigpit na hinawakan nito ang armadong pakikibaka bilang pangunahing anyo ng pakikibaka at kumprehensibong isinulong ang rebolusyonaryong kilusang masa sa kalunsuran na pangunahi'y anti-pasista't anti-imperyalista na nakakawing sa kilusang anti-pyudal sa kanayunan—bilang sekundaryong anyo at sumusuporta sa armadong pakikibaka.

Taun-taon ay lumalaki ang kasapian ng Partido mula sa hanay ng mga manggagawa, magsasaka, maralita sa kalunsuran, kababaihan, kabataan at petiburgesyang lungsod. Malalim na nakaugat ang Partido sa mga uri't grupong panlipunang ito sa pamamagitan ng mga itinatayong sangay sa mga lokalidad at grupo ng Partido sa mga organisasyong pangmasa.

Sa pangunguna ng Komiteng Rehiyon, patuloy na itinataas ang konsolidasyon ng Partido sa ideolohiya, pulitika at organisasyon sa batayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo (MLM)—ang tanging siyentipikong teorya na may rebolusyonaryong pag-unawa sa teorya ng estado at rebolusyon, siyensyang panlipunan, ekonomiyang pampulitika at siyentipikong sosyalismo. Ang relatibong konsolidasyong inabot ng Partido sa rehiyon ang dahilan kung bakit matagumpay nitong napangibabawan ang mga malulupit na pagsalakay ng mga nagpalit-palitang rehimen at nabigo ang mga Oplan ng kaaway mula pa sa pasistang paghahari ni Marcos hanggang sa kasalukuyang paghahari ni Duterte.



Sa gitna ng brutal na kontra-rebolusyonaryong gera na pinakawalan ng rehimeng Duterte sa rebolusyonaryong kilusan, patuloy na nakapagpalakas ang Partido sa TK sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Matatag nitong pinamunuan ang armadong pakikibaka sa kanayunan at rebolusyonaryong kilusang masa sa kalunsuran. Nasa unahan ang mga kadre at kasapi ng Partido sa pagpupukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa malawak na mamamayan sa demokratikong rebolusyon ng bayan. Malayo itong nakatanaw sa paglulunsad ng sosyalistang rebolusyon matapos makamit ang ganap na tagumpay ng demokratikong rebolusyon sa buong bayan.

Nasa bag-as ang Partido sa masigasig at matiyagang pagpapaliwanag sa masang api't pinagsasamantalahan na ang dahilan ng kanilang kahirapan at busabos na kalagayan ay nakaugat sa dominasyon ng imperyalismong US sa bansa, sa pyudalismo at burukratang kapitalismo. Dahil sa pagtataguyod ng tumpak na linyang pampulitika at linyang masa, paparaming bilang ng populasyon sa rehiyon ang malugod na tinanggap at itinaguyod ang armadong pakikibaka at Bagong Hukbong Bayan.

Nakatayo sa walong probinsya ng rehiyon ang mga larangang gerilya ng hukbong bayan. Sinasaklaw nito ang 123 bayan at 9 na siyudad at mahigit isang libong mga baryo. Nakatayo sa makabuluhang bilang ng baryo ang binhi ng mga lokal na organo ng Pulang kapangyarihan na nagbubuklod sa ilan libong milisya at kasapi ng mga yunit panangol-sa-sarili, ilampung libong kasapi ng mga rebolusyonaryong organisasyong pangmasa at ilandaang libong baseng suporta.

Ang mga larangang gerilya ang nagsisilbing batayang yunit ng teritoryal na subdibisyon sa pagpapalaganap at pagpapasinsin ng pakikidigmang gerilya. Sa matalinong paglalapat ng mga prinsipyo at taktika ng pakikidigmang gerilya, paulit-ulit na binibigo ang mga operasyong paghanap at paglipol ng AFP.

Nitong 2019, pinatamaan ng sunud-sunod na pinsala ng higit na pinasiglang mga taktikal na opensiba ng NPA ang mga pasistang pwersa na nagsagawa ng *focused military operations* (FMO). Binasag ng mga TO ng hukbo ang momentum ng opensiba ng kaaway at matagumpay na pinarusahan ang iba pang sagadsaring kaaway ng mamamayan. Mula Enero-Nobyembre, 2019 nailunsad ng hukbong bayan ang 78 taktikal na opensiba kung saan 14 ang

anihilatibo, 57 ang atritibo at 7 ang pamamarusa sa mga kaaway-sa-uri. Napinsala ang kabuuang 128 mersenaryong tropa kung saan 50 ang KIA, 76 ang WIA at 2 ang binihag sa labanan. Naganap ito sa gitna ng tuluy-tuloy na *focused military operations* (FMO) ng kaaway sa mga larangang gerilya. Hinigitan nito ang naitala sa buong taon ng 2018 na 70 taktikal na opensiba (12 anihilatibo, 46 na atritibo at 12 hakbang pamamarusa sa mga kaaway-sa-uri) bagamat hindi nahigitan ang kaswalti sa mersenaryong tropa na 139 (79 KIA, 60 WIA at 10 ang sumuko sa labanan).

Signipikante ding lumaki ang kasapian ng hukbo nang 28% mula 2016. Pinabubulaanan nito ang nilulubid na kasinungalingan at paghahambog ng mga yunit ng 2nd IDPA at SOLCOM na pulu-pulutong kung sumuko ang mga NPA. Ipinaparada pa nila sa midya ang mga pekeng nagsurender na mga sibilyan na ginipit at nalinlang na pumirma sa kasulatang papel na sumuko kapalit ng iniaarong pabuya ng programang E-CLIP.

Bawat yunit ng 2nd ID ay nagpaparamihan ng maipaparadang pinekeng sukong NPA upang gawing gatasan ng mga upisyal-militar ang daan-daang milyong pondo ng E-CLIP. Marami sa mga ipinaradang "sukong NPA" na mga katutubo ay pinatutunayan na binigyan lamang sila ng ilang piraso ng de-latang sardinas at ilang kilong bigas kapalit ng kanilang pagpirma. Sa ganito, ang P65,000 nakalaang ibigay sa bawat "sumuko" ay ibinubulsa ng mga upisyal-militar ng AFP.

Malawakang napakilos ang masa sa loob at paligid ng mga larangan at sonang gerilya sa rebolusyong agraryo at mga pakikibakang antipyudal. Makabuluhan ang mga naipagwaging kahilingan sa pagpapataas ng presyo ng produktong bukid sa linang, pagpapataas ng sahod ng mga manggagawang-bukid, pagpapababa ng interes sa pautang, paglaban sa madayang operasyon ng mga komersyante-usurero, pagpapababa ng upa-sa-lupa at selektibong kumpiskasyon ng lupang PML sa mga prontera para libreng ipamahagi sa mga magsasakang wala o kulang sa lupang mabubungkal. Masiglang kumilos ang masa upang sama-samang isulong ang laban para ibsan ang kanilang kalagayan sa harap ng tagtuyot at bagyo. Matapang nilang iginiit sa lokal na gubyerno na tuwirang ipamahagi ang *calamity fund* at pondo sa *relief* at rehabilitasyon ng reaksyunaryong gubyerno at nilabanan ang pagkurakot sa pondong ito ng mga burukratang kapitalista.

Sa saklaw ng rehiyon, ilampung libong ektarya na ng lupang PML ang ipinailalim sa maksimum na programa ng libreng pamamahagi ng lupa kung saan nagbenepisyo ang ilampung libong pamilya ng mga maralitang magsasaka at katutubong mamamayan. Sa mga lugar na sinulungan ng rebolusyong agraryo, hakbang-hakbang nang naitatatag ang mga simpleng anyo ng kooperasyon sa pagsasaka at palitan-ng-paggawa para sa pagpapaunlad ng produksyon.



Kung walang armadong pakikibaka at hukbong bayan na magtatanggol sa interes ng masa, hindi maitatayo't makokonsolida ang mga lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika ng mamamayan, hindi matagumpay na maisusulong ang reporma sa lupa, at hindi maitatayo ang baseng masa na bukal ng walang hanggang suporta sa rebolusyon.

Kahit nalipat na sa Mindanao at sa mga rehiyong isinailalim sa MO 32 ang prayoridad ng JCP Kapanatagan, nagpatuloy ang dating antas ng konsentrasyon ng mga batalyong pangkombat ng AFP sa TK. May kabuuang pwersa na katumbas ng 13 *maneuver battalion* ng AFP at 3 batalyon ng elite na pwersa ng PNP ang nakapakat sa rehiyon. Tinapatan ng kaaway ng mahigit sa isang batalyong pwersa ang bawat larangang gerilya at katumbas ng isang brigada ang bawat teatrong gerilya ng hukbong bayan.

Sa bawat mayor na siklo ng FMO, gumagamit ang kaaway ng minimum na isa hanggang dalawang batalyon sa layuning gipitin at sukulin ang mga yunit ng NPA. Ginagamit ang mga *hightech* na kagamitang pandigma sa ere at lupa para walang habas na bombahin at paulanan ng punglo ang kanilang target nang walang pagsasaalang-alang sa mapipinsalang mga komunidad ng mamamayan. Linta ang mga itong umuubos sa kabang yaman ng bayan.

Gumagastos ang bawat siklo ng FMO na nasa direksyon ng brigada ng tinatayang apat (4) na milyong piso. Nangangahulugan itong gumagastos ang 2nd IDPA ng hindi bababa sa 16 na milyong piso bawat buwan upang tutukan ang mayor na mga teatrong gerilya sa TK lamang. Sa kabila nito,

demoralisado ang mga pwersa ng AFP-PNP dahil sa mga tinamong pinsala mula sa mga opensiba ng NPA at sa dinaranas na gutom at hirap dahil sa kakulangan ng suplay at pondo na kinurakot naman ng kanilang mga upisyal.

Mararahas at malulupit ang mga FMO sa panliligalig, panggigipit at pagsira sa kabuhayan at aktibidad sa produksyon ng masa. Arbitraryo at walang pakundangan ang kanilang ginagawang pag-aresto, pagpiit, pananakit, sapilitang pagpapasuko at paglapastangan sa saligang demokratikong karapatan ng mamamayan. Malupit nilang ipinatutupad ang pagkontrol sa pang-araw-araw na aktibidad ng masa sa produksyon at kinokontrol ang suplay ng pagkain sa araw-araw ng mga komunidad na sinasaklaw ng kanilang operasyong militar.

Dahil dito, lihim na kinasusuklaman ng masa ang presensya ng AFP at PNP sa kanilang baryo. Inaalipusta't minumura ng masa ang mga pasistang tropa sa kanilang likuran at hinahangad nilang mapatamaan ng mga taktikal na opensiba ng hukbong bayan ang mga tropa nitong nag-ooperasyon. Kaya ganun na lamang ang kanilang katuwaan tuwing may nababalitang matagumpay na TO ang NPA laban sa mga mersenaryong tropa. Ang sapilitang pagpapasuko at ginagawang pagpaparada sa midya ng mga pinekeng "sumukong NPA" ay hindi nagpapabago sa katotohanan na nais ng masa na magkaroon ng saligang pagbabago sa kanilang kalagayan sa rebolusyonaryong paraan.

Hangga't nariyan ang panlipunang ugat ng pang-aapi, pagsasamantala at di pagkakapantay-pantay, laging may dahilan ang masa na magrebolusyon. Hindi ito kayang patahimikin ng anumang kasinungalingan at panunupil ng mga pasista.

## Mga Tungkulin para sa Panibagong Paglakas

Ang prinsipal at matagalang tungkulin ng Partido ay ipagtagumpay ang demokratikong rebolusyon ng bayan sa Pilipinas sa pamamagitan ng armadong pakikibaka. Sa kagyat, taktikal na tungkulin ng Partido at buong rebolusyonaryong kilusan na dalhin sa mas mataas na antas ang digmang bayan sa pamamagitan ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya. Sa gitna ng mga tungkuling ito, hindi nagsasara ng pinto at handa ang CPP-NPA-NDFP na pumasok sa usapang pangkapayapaan sa alinmang reaksyunaryong rehimen basta't naglilingkod ito sa pagkakamit ng pundamental na interes ng sambayanang Pilipino at nasa balangkas ng pagkakamit ng isang matagalang kapayapaan na nakabatay sa katarungang panlipunan. Kapos sa layuning ito, walang ibang makatarungang landas para sa Partido at rebolusyon kundi ang isulong ang matagalang digmang bayan hanggang makamit ang ganap na tagumpay ng demokratikong rebolusyon ng bayan, at ang kasunod na sosyalistang rebolusyon sa Pilipinas. Inihahanay sa ibaba ang ating kagyat na mga tungkulin:

**1 Ibagsak ang pahirap, taksil, korap, tiraniko at papet na pasistang rehimeng US-Duterte. Palakasin ang gawaing nagkakaisang-prente at alyansa para pagkaisahin ang pinakamalawak na hanay ng mamamayan sa paglaban sa rehimeng US-Duterte.**

Habang nagtatagal sa kapangyarihan, higit na nagiging makatwiran na hangarin ng sambayanan na wakasan ang paghahari ng rehimeng US-Duterte. May batayan para buuin ang isang malawak na nagkakaisang-prente para ibagsak o patalsikin si Duterte sa kapangyarihan. Ang rehimeng ito ay korap, taksil, tiraniko, pasista at masugid na papet ng US.

Labis na pinahihirapan ng rehimeng Duterte ang mamamayan at patuloy na pinipiga ang masang anakpawis ng ipinapataw na patung-patong na buwis at pagtaas ng singil sa serbisyo sa kuryente, tubig at transportasyon dahil sa TRAIN 1 at 2 habang nagkakamal ng limpak-limpak na tubò ang malalaking burges-kumprador at nililimas ng mga burukrata-kapitalista ang kaban ng bayan.

Araw-araw, pinahihirapan ang masang mananakay ng palpak na serbisyo ng MRT/LRT at malubhang problema sa trapiko sa mga pangunahing kalsada sa Metro-Manila at sa mga pangunahing lungsod sa bansa. Walang maaninag na solusyon ang rehimeng Duterte sa krisis na ito sa pampublikong transportasyon. Nakatakdang mawalan ng hanapbuhay ang daan-daang libong drayber ng dyip dahil sa isinusulong ng rehimen na *phase-out* ng dyip at ng korporatisasyon at diumano'y modernisasyon ng "*public transport system*."

Papalaking nahihiwalay ang rehimeng Duterte sa maimpluwensya bahagi ng lipunan—sa simbahan, petiburges na intelehensya, masmidya at iba pang seksyon ng panggitnang pwersa—dahil sa kanyang magaspang na mga pamamaraan at mapandurong katangian. Kinasusuklaman siya ng masa dahil sa kalupitang pinakakawalan nito sa taumbayan.

Puno ng katiwalian ang mga dambuhalang proyektong pang-imprastruktura sa ilalim ng Build Build Build. Monopolisado ng mga kroni ni Duterte ang mga kontrata at nagtatamasa sila ng ispesyal na pribilehiyo sa mga *public bidding* dahil sa kanilang malapit na koneksyon sa Malakanyang.

Sa tabing ng diumanong "nagsasariling patakarang panlabas" higit na pinalalakas ni Duterte ang kontrol ng US sa ekonomiya, pulitika, militar at kultura ng bansa alinsunod sa neoliberalistang patakaran ng US sa Asya-Pasipiko.

Sa kabilang banda, nililigawan ni Duterte ang China para umakit ng pamumuhunan at ayudang ekonomiko kapalit ng pagsuko sa soberanya ng Pilipinas sa *exclusive economic zone* sa West Philippine Sea. Ang mga multi-bilyong proyekto sa ilalim ng programang Build Build Build ng rehimen na pinupunduhan ng kapital ng China ay gatasan sa kurakot at pandarambong ng pamilyang Duterte at ng mga oligarkong pamilya na nasa sirkulo ng kanyang rehimen.

Labis-labis ang kalupitan at pagkahilig ni Duterte sa maramihang pagpatay sa ipinatupad nitong madugong gera laban sa iligal na droga at kriminalidad at sa gerang kontra-rebolusyonaryo na pinakakawalan nito sa mamamayan. Binigyan ng rehimeng Duterte ang mersenaryong AFP at PNP ng walang hanggang lisensya upang gumawa ng hurumentadong mga pagpatay, pag-aresto, pagpapahirap at mga karumal-dumal na krimen sa mamamayan.

Walang habas nitong dinurog at pinulbos ang Marawi City para sugpuin ang rebelyong Maute at isulong ang madugong gera laban sa mamamayang Moro at rebolusyonaryong kilusan. Ipinataw ang Martial Law sa Mindanao at walang pakundangang binomba't winasak ang komunidad ng mga Lumad at Moro sa Mindanao at nagsagawa ng malulupit na pagsalakay sa mamamayan. Sa bisa ng MO 32, ipinatupad nito ang pamoso-sa-kalupitang Oplan Sauron/SEMPO sa Negros at mga katulad na operasyon sa Samar at Bikol na tumarget sa mga sibilyan at sa mga ligal na organisasyon nila na nakikibaka para sa mga karapatan sa lupa, kabuhayan at kagalingang panlipunan.

Sa pagkonsentra sa kapangyarihan ng estado sa kamay ng pamilyang Duterte, nagawa ni Duterte na kontrolin ang negosyo sa iligal na droga. Ginamit ni Duterte ang kampanyang anti-droga at anti-kriminalidad para likidahin at pasunurin ang mga karibal na sindikatong kriminal. Ipinuwesto ni Duterte ang kanyang mga kapural sa Bureau of Customs, PDEA at PNP upang ilusot ang tone-toneladang iligal na droga sa bansa. Ginamit din ang mapagkaibigang relasyon sa China at pagpasok ng mga POGO sa bansa upang tabingan ang operasyon at koneksyon ng pamilyang Duterte sa Chinese TRIAD.

Para likhain ang pursigido at malawak na kilusang talsik sa rehimeng Duterte kailangang magtayo ng pinakamalawak na alyansa sa lahat ng positibong pwersang anti-Duterte. Kailangang buuin ang iba't ibang antas at maraming suson ng koneksyon sa iba't ibang pampulitikang pwersang ito para palawakin ang paglaban ng bayan sa mga anti-mamamayan at anti-demokratikong patakaran ng rehimen. Dapat puspusang ilantad at labanan ang bawat pakana ng rehimen at mga kaalyado nito na distrungkahin ang mga positibong probisyon ng Konstitusyon ng 1987 na iniluwal ng popular at anti-diktadurang kilusan laban sa paghaharing Marcos.

Sa partikular, dapat na pakilusin ang bayan para mariing labanan ang pakanang baguhin at amyendahan ang Konstitusyon para makapag-ari ang mga dayuhang entidad ng lampas sa 40% sa mga negosyo at pampublikong yutilidad sa bansa; pagpapalawig sa 5 termino ng panunungkulan ng mga Senador at Kongresista; tambalang pagboto *(tandem voting)* sa presidente at bise presidente; at pagpapasok ng mga ekonomikong probisyon para maging konstitusyunal ang mga neoliberalistang patakaran na ipinatutupad ng US sa bansa.

Ang kalunus-lunos na rekord ng rehimeng Duterte sa pagtataguyod ng karapatang-tao ang pinakamahinang kawing ng rehimen para mabilis itong ihiwalay sa loob at labas ng bansa. Iniinda ng rehimeng Duterte ang malakas na internasyunal na pagkondena ng mga dayuhang entidad at ilang Senador ng US sa madugong kampanya ng rehimen laban sa iligal na droga at kriminalidad na kumitil at nagbiktima sa may 20,000. Dapat na makipagtulungan ang mga ligal na demokratikong organisasyon ng mamamayan sa Pilipinas sa mga entidad na ito upang imbestigahan ang rehimeng Duterte sa krimen nito laban sa sangkatauhan.

Kaalinsabay ng maigting na pakikidigmang gerilya sa buong kapuluan, tungkulin nating paigtingin ang paglalantad sa kabulukan at kalupitan ng rehimeng Duterte upang ganap itong ihiwalay sa mamamayan. Kailangang palawakin ang pangmasang pagtutol sa pasista at kamay-na-bakal na paghahari ni Duterte upang pahinugin ang kalagayan sa pagbabagsak nito. Ang kumbinasyon ng armadong pakikibaka sa kanayunan at malakas na rebolusyonaryong kilusang masa sa kalunsuran ang magpapabilis sa pagbagsak ng kinamumuhiang rehimeng Duterte tulad ng nangyari sa pagpapabagsak sa diktadurang Marcos at pagpapatalsik sa tiwaling rehimeng Estrada.

## 2 Isulong ang pursigidong pakikibakang antipasista, antipyudal at anti-imperyalista.

Ang tiraniya ng rehimen at pinakakawalang malupit na gera laban sa mamamayan ay sapat na dahilan upang pag-alabin ang poot ng bayan at isulong ang mga kampanya at pakikibakang masa laban sa pasismo ng rehimeng

Duterte.

Ilunsad din ang mga kampanya at pakikibakang masa para ilantad at tutulan ang neoliberal na patakaran ng US sa bansa na pumipinsala sa pambansang interes at kabuhayan ng mga mamamayan. Ilantad at labanan ang interbensyong militar ng US sa pamamagitan ng mga Balikatan Exercises sa ilalim ng VFA at EDCA.

Mariing kondenahin ang lampang patakaran ng rehimeng Duterte sa agresibong pag-angkin ng China sa *exclusive economic zone* ng Pilipinas sa West Philippine Sea gayundin ang talunang postura ng pagsuko sa soberanya at teritoryal na integridad ng bansa kapalit ng pautang at pagpopondo ng China sa mga multi-bilyong proyekto ng programang Build Build Build ni Duterte.

Walang masasabing programa sa lupa ang rehimeng Duterte. Wala itong interes na paunlarin ang lokal na produksyong agrikultural para magkaroon ng seguridad sa pagkain ang bansa. Labis na nakasandal ang rehimen sa importasyon ng butil, pagkain at iba pang produktong agrikultural na sumisira sa lokal na industriya at produksyong agrikultural.

Kaugnay nito, isulong ang mga kampanyang masa para igiit ang pagpapataas ng presyo ng palay sa *farmgate*, tiyakin na abot-kamay ng konsyumer ang presyo ng bigas, at pwersahin ang rehimeng ibasura ang mga neoliberalistang patakaran sa agrikultura na pahirap sa mga magsasaka.

Dapat ipaglaban ang pagtataas ng presyo ng kopra at pagtanggal sa madayang operasyon ng mga *copra buyer* at *trader*. Ang laban sa pagbawi sa *coco levy fund* ay isang nagpapatuloy na laban ng masang magniniyog na kailangang pag-ukulan ng pansin para maramihang mapakilos ang masa.

Sa panahon ng mga kalamidad, pakilusin ang masa para igiit ang *moratorium* sa pagbabayad ng upa-sa-lupa at pagkansela ng mga pagkakautang ng mga magsasaka sa mga komersyante-usurero. Kaalinsabay, ilunsad ang mga pagkilos para hilingin sa pambansa at mga lokal na gubyerno na mobilisahin ang buong rekurso ng reaksyunaryong gubyerno para sa *relief* at rehabilitasyon ng kanilang nasalantang kabuhayan. Palawakin ang *network* ng mga alyansa sa loob at labas ng bayan para maglikom ng rekurso sa mga *relief operation* at mga programa sa rehabilitasyon.

Wala ring programa ang rehimen para sa pambansang industriyalisasyon. Patuloy na nakasandig ang lokal na ekonomiya sa pagluluwas ng yamang mineral, *high value export crops* at mga bahagyang prinosesong manupaktura na may mababang dagdag-na-halaga, sa isang panig, at pag-aangkat ng mas mahal na mga kagamitan sa produksyon at mga produktong *imported* para sa maluhong buhay ng naghaharing-uri, sa kabilang panig.

Talamak ang korapsyon at burukrata-kapitalistang operasyon na sumasaid sa kaban ng bayan. Ginagamit ng mga burukrata-kapitalista ang kanilang pusisyon, koneksyon at impluwensya sa rehimeng Duterte upang kopohin ang mga kontrata sa *obras publicas.*

### 3 Matatag na labanan at biguin ang E.O. 70 at whole-of-nation approach ng JCP Kapanatagan.

Dapat na mariing labanan ang anti-demokratiko at anti-mamamayang EO 70 at *whole-of-nation approach* ng JCP Kapanatagan. Ilunsad ang mga kampanyang masa para maigting na ilantad ito bilang instrumento ng pasismo para sikilin ang mga karapatang demokratiko at sibil



ng mamamayan. Inilalatag ng EO 70 ang pagpapailalim ng sibilyang otoridad ng mga halal na upisyal ng reaksyunaryong gubyerno sa kapangyarihang militar—at nililikha ang kalagayan sa pagtatatag ng militar-sibilyang *junta* sa bansa.

Dahil nakalatag na ang istruktura ng pasismo, hindi na kakailanganin pa ng pormal na deklarasyon ng Martial Law dahil umiiral na ang *de facto* at di-deklaradong batas militar sa buong bansa. Isang say-ops ang rekumendasyon ni Lorenzana at AFP-PNP na huwag nang palawigin ang Martial Law sa Mindanao. Dahil nakatayo na ang mga TF-ELCAC sa iba't ibang antas, nananatili pa rin ang mga istruktura ng pag-iral ng batas militar sa Mindanao kahit pormal pang bawiin ito.

Ang *whole-of-nation approach* na inaakala ng rehimeng Duterte na gagapi sa CPP-NPA-NDFP ay nagpapakanang mobilisahin ang burukrasya-sibil ng reaksyunaryong gubyerno para alisan ng suporta ang rebolusyonaryong kilusan. Ginigipit ng DILG at TF-ELCAC sa iba't ibang antas ang mga halal na upisyal ng sibilyang gubyerno na ideklarang *persona non grata* ang CPP-NPA-NDFP pati ang mga ligal na demokratikong organisasyon na pinararatangan ng rehimen at AFP na mga prenteng organisasyon ng rebolusyonaryong kilusan.

Subalit inutil, walang bisa at sa papel lamang ang mga deklarasyong ito. Sa katunayan, nagpapatuloy ang suporta ng masa sa rebolusyonaryong kilusan sa mga larangan at sonang gerilya at bukas-palad nilang tinatanggap ang CPP-NPA-NDFP sa kanilang mga komunidad. Hangga't hindi binibitiwan ng Partido at hukbong bayan ang armadong pakikibaka, patuloy na maitatatag ang mga rehimen ng Pulang kapangyarihang pampulitika sa malawak na kanayunan na nagtatamasa ng suporta ng buong populasyong naninirahan sa Pulang purok. Sa kabaligtaran pa nga ang maaaring mangyari—na ang mga sagadsaring kontra-rebolusyonaryo at anti-Komunistang elemento sa hanay ng mga sibilyang upisyal ng reaksyunaryong gubyerno ang idideklara ng demokratikong gubyernong bayan na mga *persona non grata.*

Ang pinakaepektibong paraan para biguin ang *whole-of-nation approach* ng JCP Kapanatagan ay maigting na ihiwalay sa mamamayan ang mga sagadsaring lumalaban sa rebolusyon at kabigi't nyutralisahin ang mga bukas makipagkaibigan, hindi palaban at mga nagipit at napilitan lamang na sumang-ayon sa mga kontra-rebolusyonaryong pakana ng TF-ELCAC at DILG. Kailangang magpakahusay sa taktikang alyansa at aplikasyon ng rebolusyonaryong dalawahang taktika at taktika ng nagkakaisang-prente para hati-hatiin ang kaaway, kabigin ang pinakamaraming kaibigan, nyutralisahin ang mga hindi lumalaban, at ihiwalay at banatan ang mga pinakasagadsaring palaban at kontra-rebolusyonaryo.

Kaalinsabay, dapat na matatag na magpunyagi sa malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya na nagtatamasa ng papalaking suportang masa. Pinsalain at patamaan ng mga taktikal na opensiba ng BHB ang mga nagsasagawa ng *focused military operation* at ang militar na komponente ng mga Retooled Community Support Program (RCSP) sa loob at labas ng mga larangan at sonang gerilya ng hukbong bayan.

### 4 Palakasin ang kakayahan sa propaganda at edukasyon para sa demokratikong rebolusyon ng bayan.

Gamitin ang lahat ng bukas na daluyan para ipaliwanag sa pinakamalawak na mamamayan ang nilalaman at programa ng demokratikong rebolusyon ng bayan. Mag-organisa ng mga porum, talakayan, mga sirkulo ng pag-aaral at mga katulad para ipalaganap ang linya at programa ng Partido sa demokratikong rebolusyon.

Puruhan ang paglalantad at paghihiwalay sa papet at pasistang rehimeng US-Duterte.

Maigting na tunggaliin at alisan ng bisa ang itim na propaganda at kampanyang demonisasyon ng kaaway sa mga rebolusyonaryo at ligal na mga demokratikong organisasyon ng mamamayan. Kailangang maging aktibo sa pamamahayag sa publiko ang mga tagapagsalita ng mga rebolusyonaryong organisasyon para linawin ang tindig at pagsusuri ng Partido at kilusan sa maiinit na usaping pambayan.

Tungkulin ng mga tagapagsalita ng Partido, hukbo at NDFP sa iba't ibang antas na patuloy na buhayin at papag-alabin ang diwang rebolusyonaryo ng mamamayan. Tungkulin din nilang ilantad ang kabulukan ng malapyudal at malakolonyal na sistema sa Pilipinas; ang dominasyon ng imperyalismong US sa bansa; ang pagsasamantala ng malalaking negosyong kumprador sa mamamayan; ang pambubusabos ng uring PML sa mga magsasaka; at ang malaganap na katiwalian ng operasyon ng burukratang kapitalismo sa loob ng reaksyunaryong rehimen.

Magsanay ng maraming propagandista at edukador. Sanayin sila na maging bihasa at masikhay sa pag-aaral at pananaliksik sa kalagayan ng lipunan at mga uri upang maging kongkreto, lapat sa masa at mabisa ang nilalaman ng kanilang propaganda at mga inoorganisang pangmasang pag-aaral. Laging tiyakin na ginagabayan at umaalinsunod sa linyang masa

ang ating gawaing propaganda at edukasyong pampulitika sa masa.

**5 Magpunyagi sa linya ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya na nagtatamasa ng papalawak at papalalim na suportang masa. Maghanda rin sa posibilidad ng pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan.**

Sinusuportahan ng buong rebolusyonaryong kilusan sa TK ang pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at gubyernong Duterte. Sinusuportahan din nito ang unilateral na magkatugong deklarasyon sa pagtigil ng labanan *(reciprocal unilateral ceasefire)* sa pagitan ng magkatunggaling mga armadong pwersa ng demokratikong gubyernong bayan na kinakatawan ng NDFP, sa isang panig, at ng GRP, sa kabilang panig. Tatalima ang mga yunit ng NPA sa ilalim ng Melito Glor Command sa 15-araw na tigil-putukan na magkakabisa mula 12:00 AM ng Diyembre 23 hanggang 11:59 PM ng Enero 7 upang likhain ang paborableng klima sa pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan. Habang may bisa ang tigil-putukan, ilalagay ang mga yunit ng hukbong bayan kabilang ang mga milisya sa baryo sa aktibong depensa, ipatutupad ang makatwirang pagtitimpi at ititigil ang opensibang pag-atake sa mga tropa ng AFP at PNP na hindi naglulunsad ng mga pag-atake at operasyong militar sa loob ng mga larangang gerilya ng NPA.

> ***"Gamitin ang lahat ng bukas na daluyan para ipaliwanag sa pinakamalawak na mamamayan ang nilalaman at programa ng demokratikong rebolusyon ng bayan."***

Samantala, may negosasyon man sa kapayapaan o wala, magpapatuloy ang tungkulin ng Partido at hukbo na isulong ang matagalang digmang bayan sa pamamagitan ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya na patuloy na nagtatamasa ng malawak at malalim ng suporta ng mamamayan. Hindi natin dapat na bitiwan ang armadong pakikibaka hanggang hindi nalulutas ang mga pundamental na suliranin ng lipunang Pilipino at ang ugat ng armadong tunggalian sa Pilipinas. Alinsunod dito:

a. Patuloy na palawakin at patatagin ang mga larangang gerilya. Itayo ang laking-kumpanyang mga larangang gerilya na magkakatalikuran at magkakadugtong upang magkaroon ng malawak na maniubrahan ang mga pangunahing pwersa ng hukbong bayan sa paglikha ng maraming punto ng inisyatiba para sa pakikidigmang gerilya. Buksan bilang mga sonang gerilya at itayo ang mga larangang gerilya sa lahat ng distritong kongresyunal na maaaring lunsaran ng pakikidigmang gerilya.

b. Itayo at palakasin ang mga bertikal na pormasyon sa antas ng rehiyon, subrehiyon at probinsya. Magsisilbing angkla ang mga bertikal na pormasyon sa maraming nakadispers na mga horisontal na pormasyon ng hukbong bayan para sa pagpapaigting ng pakikidigmang gerilya batay sa kakayanan. Ang mga bertikal na pormasyong gerilya sa antas ng rehiyon, subrehiyon at probinsya ang magiging binhi ng pinauunlad na ilang elemento ng regular na pakikidigmang makilos sa gitna ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya.

c. Bakahin ang *inertia* ng konserbatismo, sibilyanisasyon, gerilya-ismo, milisya-ismo at gawi ng rebeldeng lagalag sa pagtupad ng gawain sa pulitika at militar ng mga yunit ng hukbong bayan. Ang mga kahinaang ito ang paatras na humihila sa inaasam nating kumpas ng pagsulong. Itulak ng mga kinauukulang kumand at yunit ng Partido ang mas agresibong postura ng mga yunit sa pagtupad ng gawaing militar at gawaing masa sa araw-araw.

d. Ilunsad ang maraming atritibong TO para suplementuhan ang mga labanang anihilatibo at hati-hatiin o guluhin ang *focused military operation* ng kaaway. Huwag hayaang makapahinga ang kaaway na nag-ooperasyon at ikintal sa kanilang isip na hindi sila ligtas sa mga patamang TO ng hukbong bayan tuwing naglulunsad ng operasyon at dinadahas ang masa. Pagurin at pasuntukin sa hangin ang kaaway habang pinaghahandaan ang tamang tiyempo na patamaan at pinsalain ang pagud na pagod nilang pwersa ng mga taktikal na opensiba ng hukbong bayan.

Sa paglulunsad ng taktikal na opensiba, hawakan ang prinsipyo na ilunsad ang mga labanang madaling tinatapos at kayang ipagwagi, at umiwas sa mga labanan na hindi pinaghandaan at hindi kayang ipanalo. Iwasan ang matitigas na target at piliin ang malalambot na target. Gamitin ang surpresa at lokal na superyuridad ng pwersa upang durugin ang nahihiwalay at mahinang bahagi ng kaaway. Magpakahusay sa mga taktika upang durugin ang

mahinang bahagi ng kaaway at magsamsam ng armas.

e. Paunlarin ang pakikidigmang gerilya ng masa. Sanayin at palahukin ang milisyang bayan at mga yunit pananggol sa baryo sa mga aksyong militar ng hukbo bilang suportang-kombat sa likuran at pwersang kombatant sa aktwal na operasyon.

f. Paunlarin ang sistema ng pagdepensa sa mga *area clusters* ng mga larangang gerilya upang ihanda ang kondukta ng baseng masa sa pagtatanggol-sa-sarili sa panahon ng mga FMO ng kaaway. Buuin ang *militia coordinating command* sa kulumpon ng mga baryo o sa antas ng seksyon at subseksyon at palahukin sila sa pagbubuo ng plano sa pagtatanggol sa base. Pangunahan ng lokal na yunit ng Partido at hukbo ang pag-oorganisa ng paglaban ng mamamayan at ang organisadong pag-atras ng maiinit na pwersa sa lokalidad na target ng mga FMO ng kaaway.

**6 Masigasig na buuin at palakasin ang Bagong Hukbong Bayan at itaas sa panibagong antas ang digmang bayan.**

Mapangahas na palawakin ang hukbong bayan nang di pinapapasok ang kahit isang di kanais-nais. Dapat istriktong hawakan ang mga panuntunan at pamantayan sa pulitika, malusog na pag-iisip at pangangatawan, at edad sa mga tatanggaping rekrut sa hukbo na nasa Alituntunin.

Patuloy na itaas ang mapanlabang diwa ng hukbong bayan at matatag na makibaka sa mga maling tunguhin ng pag-iisip at pagkilos na nagpapahina dito. Patuloy na itaas ang makauring kamulatan ng mga upisyal at mandirigma ng hukbo; ihanda sila sa mga sakrispisyo at kahirapan; at sanayin sila sa mabibigat na tungkulin sa rebolusyon. Laging ikintal sa kanila ang malaking pagkakaiba ng rebolusyonaryong hukbo sa mersenaryong hukbo ng naghaharing malalaking kumprador-panginoong maylupa-burukratang kapitalista.

Palakasin ang disiplina at demokrasya sa mga yunit ng hukbong bayan. Ikintal at pandayin sila sa mulat na disiplinang bakal na ginagabayan ng prinsipyo ng buong pusong paglilingkod at pagtataguyod sa interes ng mamamayan. Payabungin ang demokrasya sa tatlong larangan: sa ekonomya, pulitika at militar. Itaas ang pag-unawa ng mga upisyal at mandirigma sa Alituntunin ng Bagong Hukbong Bayan at palalimin ang pagsapul nila sa nilalaman ng Alintunin sa proseso ng pagtupad ng kanilang mga tungkulin sa pang-araw-araw.

Patingkarin ang pagkakaisa sa loob ng hukbo—sa pagitan ng mga kapwa upisyal, sa pagitan ng mga upisyal at mandirigma, sa pagitan ng kapwa mandirigma, at sa pagitan ng hukbo at mamamayan.

Itayo at paganahin ang mga organo at kapulungang pampulitika ng hukbong bayan sa ilalim ng mga teritoryal na kumand ng BHB. Ang mga organo at kapulungang pampulitikang ito (kagawaran, seksyon, grupo pampulitika) ang magtitiyak na malusog ang kabuuang gawaing pampulitika sa loob ng mga yunit ng hukbong bayan; nananatiling mahigpit ang relasyon ng hukbo sa mamamayan; mataas ang moral at mapanlabang-diwa ng hukbo; natutugunan ang mga personal na pangangailangan ng mga mandirigma; at naaalalayan sila sa kanilang mga problema. Ang mga upisyal sa pulitika ng hukbong bayan ang may pangunahing tungkuling itaas ang makauring kamulatan ng mga upisyal at mandirigma sa yunit.

Regular na tawagin ang mga kumperensyang pulitiko-militar at kumperensya ng kumand sa antas ng rehiyon at mga subrehiyon/probinsya. Tungkulin ng mga kapulungang ito na tasahin ang kabuuang sitwasyong militar, magpalitang karanasan ang mga kumander sa pagpapaunlad ng taktika at teknika sa pakikipaglaban, aralin ang mga kahinaan at kalakasan ng kaaway at sariling pwersa, hanguan ng aral at gumawa ng mga resolusyon.

Pahusayin ang sistema ng kumand sa iba't ibang antas. Paganahin at konsolidahin ang mga teritoryal na kumand ng hukbong bayan mula rehiyon hanggang mga larangang gerilya at itayo ang mga kinakailangang istap (paniktik, personel at pagsasanay, medikal at lohistika/ordnans). Paunlarin ang sistema ng kumand at kontrol sa mga yunit kumand ng mga bertikal at horisontal na pwersang gerilya upang epektibong maidirehe at mapamunuan ang kanilang pagkilos at paglaban sa mga FMO ng kaaway at sa pagpapatupad ng mga kampanya at kontra-kampanyang militar.

Paunlarin ang mapandurog na kakayahan ng hukbong bayan. Magbigay ng mataas na pansin sa pagkumpiska ng mga armas at kagamitang militar sa mga labanan. Pahusayin ang paniktik pangkombat, kontra-paniktik at pakikipagkaisa sa lokal na populasyon para matagumpay na mailunsad ang mga taktikal na opensiba. Paunlarin ang sistema ng mabilis na pagtitipon ng pwersa upang sagpangin ang mga nakabukas na opurtunidad para banatan ang kaaway.

Gawing regular ang mga pagsasanay sa pulitika at militar. Gawing praktikal, iwasan ang labis na pormalistiko at ibatay sa pangangailangan ang nilalaman ng mga pagsasanay. Angkop ang ganitong mga pamamaraan sa pagiging makilos ng moda ng operasyon ng mga pwersang gerilya. Ituon ang pagsasanay sa pangangailangan ng yunit sa pang-araw-araw na pagkilos. Dapat pagtuunan ng pansin ang pagpapahusay ng tim work, maniobra, pagsunod sa

kumand at pagtudla at iba pang pagpapaunlad ng kasanayang pisikal at pangkombat ng bawat mandirigma.

Samantala, ang mas konsentradong mga pormal na pagsasanay sa pulitiko-militar sa batayan, intermedya at abanteng kursong militar at iba pang ispesyalisadong kurso ng pagsasanay ng hukbong bayan ay maaaring ilugar at ilunsad sa panahon ng mga patlang at maikling pamamahinga sa pagitan ng mga kampanyang militar at FMO ng kaaway para ikonsolida ang pwersa.

**7 Ipatupad ang programa sa reporma sa lupa ng Demokratikong Gubyernong Bayan at lutasin ang suliranin ng masang magsasaka sa lupa.**

Ilunsad ang mga pakikibakang antipyudal ng mga magsasaka para isulong ang minimum na layunin ng rebolusyong agraryo. Saklaw nito ang pagpapataas ng sahod ng mga manggagawang bukid, pagpapababa ng upa-sa-lupa, pagpapataas ng presyo sa *farmgate* ng mga produktong bukid, pagpawi sa usura, pagpapataas ng produksyon at paglaban sa iba't ibang anyo ng komersyanteng pagsasamantala.

Ilunsad ang iba't ibang tipo ng kampanyang masa para sa kagalingang bayan, kalusugan at kalinisan, literasiya't edukasyon, at promosyon ng mga simpleng anyo ng kooperasyon. Layunin ng huli na basagin ang malakas na hila ng hiwa-hiwalay at maliitang produksyon na malakas sa hanay ng mga magsasaka at paunlarin ang kolektibong pagtutulungan at pagdadamayan.

Batay sa kakayanan ng kilusang magsasaka at hukbong bayan, selektibong ipatupad ang maksimum na layunin ng rebolusyong agraryo na kumpiskasyon sa mga lupang PML at pamamahagi nang walang bayad sa mga wala at kulang sa lupang mabubungkal. Sa mga lupang ipinamahagi na nang libre sa mga magsasaka, bigyan ng pansin ang pagsusulong ng programa para itaas ang produksyong agrikultural ng masa at iba pang anyo ng pagkakakitaan. Paunlarin ang angkop na teknolohiya sa pagsasaka na sustenable at pakikinabangan ng kilusang magsasaka.

Gawin ang mga pagsisikap na ito na may kaukulang pagtataas ng makauring kamalayan ng kilusang magsasaka at ng organisasyon ng mga lokal na organong pampulitika ng mamamayan.

**8 Palawakin at patatagin ang baseng masa ng rebolusyon at itatag ang mga lokal na organo ng Pulang kapangyarihan sa mga larangang gerilya.**

Planuhin ang pagtataas ng antas ng mga saligang organisasyong masa sa saklaw ng munisipalidad, distrito/larangan at subrehiyon/probinsya. Sinsinin ang latag ng organisasyon ng baseng masa sa antas ng baryo at kulumpon ng mga baryo.

Mapangahas na magpalawak sa mga laylayan ng mga larangan at sonang gerilya. Magpalawak batay sa konsolidasyon. Lutasin ang labis na pagkaiwan ng gawain sa konsolidasyon ng baseng masa lalo sa mga lugar na matatagal nang kinikilusan gayundin ang pagkabalaho ng mga organisasyong masa sa mababang antas ng mga grupo at komiteng pang-organisa. Kapag masigla ang mga pakikibakang antipyudal, nagiging madali na lamang ang pagtataas ng antas at pagsisinsin ng mga organisasyong masa.

Mapangahas na itatag ang mga organo ng Pulang kapangyarihang pampulitika ng mamamayan sa konsolidadong bahagi ng ating mga larangang gerilya.

Sanayin ang pinakamaraming aktibista at lider-masa para pamunuan at pamahalaan ang kanilang hanay. Buuin ang mga kinakailangang komite sa



sariling depensa, ekonomiya, kalusugan, edukasyon at literasiya, arbitrasyon, kampanyang masa at iba pang katulad para kumprehensibong tugunan at lutasin ang kanilang mga pangangailangan at hinaharap na suliranin sa araw-araw.

**9 Palakasin ang Partido sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Iwasto ang mga pagkakamali at muling sumulong nang may panibagong lakas.**

Mapangahas na palawakin ang Partido nang walang pinapapasok na kahit isa mang masamang elemento. Paabutin ng ilampung libo ang kasapian ng Partido sa rehiyon. Buuin ang mga batayang yunit ng Partido saan mang mayroong batayan para itayo ito: sa mga pagawaan, eskwelahan, pook-trabaho, baryo/komunidad, asyenda, kalye at mga katumbas na teritoryal na subdibisyon.

Paramihin ang rekrut mula sa hanay ng mga batayan at positibong pwersa ng rebolusyon—sa manggagawa, magsasaka, malaproletaryado, kababaihan, kabataan at estudyante, petiburgesyang lungsod at iba pang seksyon ng panggitnang pwersa. Iwasto ang pagpapabaya sa rekrutment at bakahin ang paglitaw ng sektarismo at pagsasara ng pinto. Sundin ang mga pamantayan at proseso sa pagpapasapi sa Partido alinsunod sa Saligang Batas ng Partido.

Mapangahas na magsanay ng bagong tangkas ng mga kadre at lider ng Partido para punuan ang iba't ibang antas ng pamumuno. Iayos ang komposisyon ng mga namumunong komite ng Partido at ipasok sa pamunuan ang mga sumusulong na batang kadre upang kumbinahan ang mga kadre at lider na relatibong makaranasan at maalam sa MLM. Kailangang tiyakin na patuloy na nagpapanibagong sigla ang mga komite ng Partido sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga kwalipikadong batang mga kadre at lider.

Itaas ang teoretikal na kaalaman ng mga kadre at kasapi ng Partido sa MLM. Ipatupad ang maramihang pagpapatapos sa batayan, intermedya at abanteng kurso ng Partido bilang balangkas ng pagsasanay sa kasapian sa ideolohiya, pulitika at organisasyon at sa paglilinang ng mabuting istilo at mga pamamaraan ng paggawa alinsunod sa MLM.

Pasiglahin ang malusog na paggana ng mga komite ng Partido. Sanayin ang mga komite ng Partido sa pagdaraos ng maiikli subalit malaman na mga pulong. Regular na lagumin ang rebolusyonaryong praktika, tukuyin ang mga kamalian at kahinaan at iwasto ang mga pagkakamali.

Isabuhay ang malusog na mga sesyon sa pagpuna at pagpuna-sa-sarili para sanayin ang kasapian na maging kritikal-sa-sarili at maghubog ng pananaw batay sa proletaryong ideolohiya. Matapat na punahin ang mga kahinaan at kakulangan. Matuto sa mga pagkakamali at magwasto.

Isabuhay ang simpleng pamumuhay at mahirap na pakikibaka ng isang Komunista. Sa paglinang ng mabubuting katangian ng isang Komunista patuloy na makapagpapalakas at magpapanibagong-sigla ang Partido sa ideolohiya, pulitika at organisasyon upang maging abanteng destakamento ng rebolusyong Pilipino.

**10 Magbukas ng maraming inisyatiba para kunin ang internasyunal na suporta para sa rebolusyong Pilipino.**

Isulong ang pakikipagkapatiran sa mga progresibo at anti-imperyalistang kilusan sa ibayong dagat. Magtatag ng mga bilateral na ugnayan sa lahat ng positibong pwersa sa ibayong dagat na bukas na tumulong sa pagsusulong ng rebolusyong Pilipino.

Pukawin, organisahin at pakilusin ang mga kababayan sa ibayong dagat at kunin ang kanilang suporta sa rebolusyong Pilipino. Ang mga OFW ang mga alipin ng modernong panahon. Biktima sila ng *human trafficking* at pinagtatrabaho sa kasuklam-suklam na mga kundisyon. Napipilitan silang makipagsapalaran sa ibayong dagat, tiising malayò sa pamilya at kumapit sa patalim para magkaroon ng trabaho at makaahon sa kahirapan. Sinasamantala ng mga *human trafficker* ang paghihikahos ng ating mga kababayan upang bitagin sila ng mga *illegal recruiter.*

Pukawin, organisahin at pakilusin din ang mga kapamilya ng mga OFW na nasa Pilipinas. Ugnayan at imulat ang mga kababayang nasa ibayong dagat para kunin ang kanilang suporta para sa rebolusyong Pilipino at sa kilusan ng mga mamamayan sa loob ng bansa. Dapat na suportahan ang pakikibaka ng mga migranteng Pilipino laban sa pang-aapi, diskriminasyon, pagmamalupit at pagpapabaya ng reaksyunaryong gubyerno na bigyan sila ng karampatang proteksyon.

Magbukas ng ugnayan at pakikipagtulungan sa iba't ibang kilusan ng mamamayan sa ibayong dagat. Iparating sa ibayong dagat ang mga kampanyang masa para maglikom ng suporta sa mga isyung ipinaglalaban ng iba't ibang uri't sektor sa lipunang Pilipino.